

# Petsay

## Produksyon ng Petsay sa *Protected Cropping Structure*

Pamilya ng *Cruciferae* – repolyo, *broccoli*, *cauliflower*, petsay, labanos, at mustasa

### Sunod-tanim

Matapos mag-ani, sundan ito ng ibang pananim gaya ng melon, ampalaya, pipino, letsugas, sili, kamatis, talong, at mais. Huwag muling magtanim ng gulay na kapamilya ng petsay gaya ng repolyo, mustasa, labanos, *broccoli*, at *cauliflower*.

### Panahon at Lupa

Ang pinakasagad na init sa pagpapalaki ng petsay ay umaabot sa 18-20° sentigrado. Maganda ang paglaki nito sa lupang di tinitigilan ng tubig, mayabo at mayaman sa organiko. Ang kailangan ng petsay ay lupang may pH 5.5-6.5, hindi maasim at di bababa sa 4.5.

### Struktura ng *Protected Cropping*

Ang pinakamagandang struktura para sa petsay ng Eastern Visayas ay *house-type rain shelter* na may takip na UV-stabilized plastik at *low-tunnel* na may takip na kulambo para lagusan ang init ng araw at mabawasan ang tama ng malakas na ulan. Sa *protected cropping* puedeng magtanim ng petsay sa buong taon.



Pechay sa ilalim ng *house-type protected structure*.



Pechay sa ilalim ng *low tunnel* na may takip na kulambo



Pag-aararo ng tataniman ng petsay

Bagong lipat-tanim na petsay sa ilalim ng *house-type structure*

## Paghahanda ng taniman

Araruhin at gayatin ang lupa 2 beses na may pagitan 1 linggo para madurog ang lupa, pantayin at aliain ang mga damo.

## Paghahanda ng taniman

Araruhin at gayatin ang lupa 2 beses na may pagitan 1 linggo para madurog ang lupa, pantayin at aliain ang mga damo.

Gumawa ng kamang taniman na may lapad na 1 metro, taas na 20-30 metro at lagyan ng kanal na .5 metro ang pagitan bawat kama.

Ihalo sa lupa ang 250 gramo kada metro kudrado ng kompost o tuyong dumi ng manok sa panahon ng paghahanda ng taniman. Medyo basain ang lupa para mamasa-masa. Pantayin ang lupa gamit ang kalaykay. Guhitan ng 2 linya at butasan ng may pagitang 25 sentimetro at sinlalim ng haba ng punla.

## Paglilipat-tanim

Ang punla ay puede ng ilipat-tanim kung ito ay may 3-4 na dahon at karaniwang edad na 2-3 linggo pagkapunla at pinatigas na sa init ng araw. Diligan muna ang mga punla bago alisin sa punlaan. Basaing mabuti ang kama bago

maglipat-tanim. Sa mababang lugar, taniman ng 2 tudling ang kamang may lapad na .5m at may pagitang 35-40 cm bawat puno. Sa mataas na lugar taniman ng 3 tudling ang .75-1 m lapad ng kama at may pagitang 35-40 cm bawat puno.

Lagyan ng kanal sa pagitan ng kama para daluyan ng tubig.


Maglipat-tanim sa hapon o maagang-maaga lalo na't makulimlim. Lagyan ang bawat butas ng abono, ihalo sa lupa at ng di madikit sa ugat ng halaman. Maingat na ilagay ang punla sa butas, tabunan ng lupa at marahang idiin para di ito magalaw o mabuay at lumapat ng maganda sa lupa ang ugat.

**Diligan kaagad pagkatanim upang maayos na kumapit ang ugat sa lupa.** Kung kinakailangan, diligan ng *fungicide* o kemikal para sa sakit na amag ang mga bagong tanim.

## Paggamas o pag-alis ng damo

- Panatilihin walang damo ang taniman lalo na't maliliit pa ang mga halaman. Gamasin o bunutin ang damo o bombahan ng kemikal para sa damo.
- Lagyan ng kilib ang mga kama gaya mga tuyong damo, dayami, o plastik upang maapula ang pagsibol ng damo at manatiling basa-basa ang lupa.

## Pataba, patubig, pangangalaga laban sa sakit at peste

Yugto ng paglaki ng petsay					
	Bago itanim	Paglipat-tanim/	Pagtaas at Paglaki	Pagyabong ng mga dahon	Kagulangan
					
<b>Pataba</b>	Bago maglipat-tanim, lagyan ng abono ang mga butas, ihalo sa lupa. Ang sunod na lagay ay 1 pulgada ang layo sa puno ng tanim, siguruhin na di tatama ang abono sa dahon upang di ito masunog. Abonohan ang puno tuwing ikalawang linggo sa panahon ng paglaki at pagyabong ng dahon. Gamitin ang mga sumusunod na dami ng abono bawat yugto ng paglaki ng petsay.				
<b>Panahon ng pag-aabono</b>	Paglilipat-tanim	1 linggo pagkalipat-tanim	2 na linggo pagkalipat-tanim	3 na linggo pagkalipat-tanim	Karagdagang pag-aabono
<b>Dami</b>	Maglagay ng 250 gramo kada metro kurado ng tuyong dumi ng manok o kompost, 1 kutsara (10 gramo) ng <i>complete</i> (14-14-14) kada puno at diligan pagkatapos.	Lagyan ng 5 gramo ng <i>urea</i> (45-0-0), 3 gramo ng <i>solophos</i> (0-18-0) at 1 gramo ng <i>muriate of potash</i> (0-0-60) kada puno, gahukan at diligan pagkatapos.	Lagyan ng 5 gramo ng <i>urea</i> (45-0-0), 3 gramo ng <i>solophos</i> (0-18-0) at 1 gramo ng <i>muriate of potash</i> (0-0-60) kada puno, gahukan at diligan pagkatapos.	Lagyan ng 1.5 kutsara ng <i>complete</i> (14-14-14) .5 kutsara o 5 gramo ng <i>solophos</i> (0-18-0) kada puno, gahukan at diligan pagkatapos.	
<b>Patubig</b>	Ihanay sa kama ang linya o tubo para sa <i>drip irrigation</i> , isang tubo kada hanay. Bawa't butas sa linya ay may agwat na 25 sentimetro o mas malimit pa. Ang pinakamagaling na paraan ay basain maigi ang lupa para gumanda ang ugat nito. Di kaya ng petsay ang tuyot na lupa. Diligan ang petsay sa umaga lamang, iwasan ang pagdididlig sa hapon para makaiwas sa sakit na amag.				
	Patubigan kaagad pagkalipat-tanim hanggang ang lupa ay lubusan ng basa	Patubigan tuwing 3-4 na araw, 4-6 na oras o hanggang ang lupa ay lubusang basa. <b>Huwag hayaang matuyot ang halaman.</b>	Patubigan tuwing 3-4 na araw, 4-6 na oras o hanggang ang lupa ay lubusang basa. <b>Huwag hayaang matuyot ang halaman.</b>	Patubigan tuwing 3-4 na araw, 4-6 na oras o hanggang ang lupa ay lubusang basa. <b>Huwag hayaang matuyot ang halaman.</b>	
<b>Peste</b>	Bisitahin at suriin mabuti ang mga pananim kung may mga peste at sira sa mga talbos at ilalim ng mga dahon. Gumamit lamang ng mga pestesidyong nakarehistro laban sa uri o pesteng naninira sa kamatis. Pisain o tirisin ang mga itlog at uod, tanggalin o gupitin ang dahong may leafminer at isilid sa supot na plastik, isara at hayaang mamatay ang mga peste sa loob nito. Iwasang magpalipat-lipat sa tanimang inatake ng mga tungaw upang di ito kumalat sa ibang pananim.				
			Diamond back moth, caterpillars, flea beetle, silver leaf whitefly, aphids	Diamond back moth, caterpillars, flea beetle, silver leaf whitefly, aphids	Diamond back moth, caterpillars, flea beetle, silver leaf whitefly, aphids
<b>Sakit</b>	Regular na bisitahin at suriin ang tanim sa mga sintomas ng mga sakit. Bunutin at ilubog ang mga halamang may sintomas ng sakit at maingat na putulin ang mga bahaging kinakitaan ng sintomas. Kung gumamit ng pangupit, siguruhing malinis ito bago muling gamitin. Ang mga sakit na <i>bacterial wilt</i> at <i>blight</i> ay naililipat sa pamamagitan ng paggamit ng maruming pangupit. Magdala ng sisidlan gaya ng supot na plastik para sa mga ginupit na parteng may sintomas ng sakit at ng maiwasan ang pagkalat nito sa mga malulusog na halaman.				
		White leaf spot, white blister, downy mildew, soft rot, damping off, <i>Alternaria</i> leaf spot, black leg, phoma leaf spot, clubroot, mosaic virus, bacterial leaf spot, bacterial soft rot, black rot	White leaf spot, white blister, downy mildew, soft rot, damping off, <i>Alternaria</i> leaf spot, black leg, phoma leaf spot, clubroot, mosaic virus, bacterial leaf spot, bacterial soft rot, black rot	White leaf spot, white blister, downy mildew, soft rot, damping off, <i>Alternaria</i> leaf spot, black leg, phoma leaf spot, clubroot, mosaic virus, bacterial leaf spot, bacterial soft rot, black rot	

## Pag-aani

Simulan ang pag-aani 3 linggo pagkalipat-tanim o 30-40 araw pagkapunla. Mag-ani sa hapon upang di malanta at bumaba ang kalidad ng petsay.

Bunutin ang petsay, putulin ang ugat at ibang dahon na magulang bago ito hugasan. Pagsama-samahin ang pare-parehong laki ng petsay bago ito iimpake sa mga kahon, plastik na supot na may butas upang mahanginan.

## Makatapos mag-ani-

Ang petsay ay madaling malaos kaya't kailangang sundin ang mga sumusunod:

1. Mag-ani habang malamig ang panahon - maagang-maaga o sa hapon.
2. Ilagak ang ani sa malamig at lilim na lugar at kung maaari ay di dapat maarawan.
3. Alisin ang mga may sira ng peste o pitaw na dahon dahil ito ay nakakaapekto sa kasariwaan ng gulay.
4. Pagbukurin at pagsama-samahin ang petsay ayon sa laki. Ang pinakamagandang uri ay ang tamang laki para pambenta. Ipakita ang may mataas na uri ayon sa kalidad at laki. Ang mga mas mababang uri ay ibukod at pagsama-samahin upang di mahalo sa primera klaseng may mataas na presyo.
5. Iimpake sa mga kahon, plastik na supot na may butas upang mahanginan at di masira at malanta ang gulay. Sa pabiyahe ng gulay, huwag upuan o tapakan ang mga ito upang di masira. Nakakabawas ng tagal ang di maayos na pagimpake ng mga gulay.
6. Hanggang maari ay dalhin agad ang pinitas sa palengke.
7. Alamin kung ano ang naging kalagayan ng inyong gulay pagdating sa palengke. Sikaping higitan pa ang kalidad nito sa muling paghahatid ng paninda.



Mainam na pa-aani ng petsay ay sa hapon.

## Kasunod na aksyon

Matapos ang anihan, bunutin ang mga puno at araruhin agad ang lupa upang mapatay at mapangalagaang kumalat pa ang mga peste at sakit sa ibang pananim. Ito ay napakahalagang alituntunin.

**ACKNOWLEDGEMENT:** Some information was sourced from East-West Seed Philippines [www.eastwestseed.com](http://www.eastwestseed.com)



Applied Horticultural Research Pty Ltd (AHR), the Australian Centre for International Agricultural Research (ACIAR) and NSW Department of Primary Industries (NSW DPI) make no representations and expressly disclaims all warranties (to the extent permitted by law) about the accuracy, completeness, or currency of information in this fact sheet. Users of this material should take independent action before relying on its accuracy in any way. Reliance on any information provided by AHR, ACIAR or NSW DPI is entirely at your own risk. AHR, ACIAR or NSW DPI are not responsible for, and will not be liable for, any loss, damage, claim, expense, cost (including legal costs) or other liability arising in any way from your use or non-use of information in this fact sheet, or from reliance on information AHR, ACIAR or NSW DPI provides to you by any other means.